**Pamagat**: Naglalakad sa Katotohanan

**Texto**: 3 John 3-4 "For I rejoiced greatly, when the brethren came and testified of the truth that is in thee, even as thou walkest in the truth. (v.4) I have no greater joy than to hear that my children walk in truth."

> *Pagsasalin*: (v.3) Labis akong nagalak nang dumating ang mga kapatid at nagpatotoo patungkol sa katotohanan na nasa iyo at kung paano ka lumalakad sa katotohanan. (v.4) Wala nang hihigit pang kagalakan sa akin kundi ang marinig ko na ang aking mga anak ay lumalakad sa katotohanan.

**Panimula**:

1. Si Gaius ay isang tao na may tunay na pananampalataya.
2. Ang mga kapatiran ay nagpatotoo sa mga mabubuting gawa na bunga ng kanyang pananampalataya.
3. Ang konklusyon ni Juan ay ganito: Si Gaius ay lumalakad sa katotohanan, at wala nang mas dakilang ligaya sa puso ng pastor katulad ng paglalakad ng mga miyembro (o mananampalataya) sa katotohanan.
   a. Mayroon si Gaius ng magandang testimony (patotoo) galing sa mga kapatiran.
   b. Ang kapatiran ay nagbigay patotoo kay Juan at sa buong iglesia. (v.6).
4. Titingnan natin ngayon kung ano ang ibig sabihin ng paglalakad sa katotohanan.

I. **Ang Katotohanan ay Sumasakaniya**:
   A. Ang katotohanan ay nananatili sa lahat ng mga Christiano. (2 Juan 1:2).
   B. Isa sa mga katangian ng hindi ligtas ay ang pagtanggi ng katotohanan. (2 Tim. 4:4; Jn. 8:44)
   C. Ang katotohanan ay dapat kinikilala, tinagap, at iniingatan natin ito.
   D. Ang pakikipagsama natin sa isa't-isa ay base sa katotohanan.
   E. Ang katotohanan ay tumutukoy sa mga doktrina o turo ng Biblia.

II. **Nilalakaran Niya ang Landas ng Katotohanan**:
   A. Ang paglalakad sa katotohanan ay kumikilala sa presensya ng Dios. (1 Kings 2:3-4)
   B. Kinikilala natin ang Dios sa lahat ng ating mga gawain.
   C. Wala itong pagkukunwari, o hindi ito pakitang-tao lamang. Integridad ng puso.
   D. Ang mga kapatiran ay nagbigay patotoo patungkol kay Gaius sa mga nakita nila sa pag-uugali niya sa kanyang tahanan. "A Christian at home is what he really is in his heart."
   E. Ps. 101:2; 116:9; Romans 13:13 – ito ay mga verses patungkol sa ganitong paglalakad.

III. **Ang Resulta ng Paglalakad sa Katotohanan**:
   A. Isang mabuting testimony (patotoo). Mahalimuyak ang Christianong lumalakad sa katotohanan sapagkat ang buong mundo ay mabaho sa kamalian, kalaluan, at kadiliman.
   B. Nakakapagbigay siya ng Kaluwalhatian sa Dios.
   C. Nagdudulot ito ng Kagalakan sa puso ng kaniyang pastor o tagapagturo at mangangaral.
   D. Isang mahalagang marka ng kaunlaran ay kagalakan. (v.4).

**Katapusan**:

1. Ang iglesia ay may pag-asa habang mayroon siyang mananampalataya katulad ni Gaius.
2. Isang mananampalataya na lumalakad sa kotohanan.
3. Tayong lahat ay hindi kakaiba kay Gaius, perahas tayong lahat katulad niya. At kung nakayanin ni Gaius na lumakad sa katotohanan, maari rin nating gawin ito, sa tulong ng Panginoon.
4. At sa grasya ng Dios, nawa magpatuloy tayong lumakad sa landas ng kototohanan.